

OFFICE OF THE PRESS SECRETARY
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH HOSTED BY AUDREY GORRICETA
AUGUST 12, 2022 (11:01 A.M. – 11:53 AM.)

GORRICETA: Magandang araw, Pilipinas. Ngayon ay araw po ng Biyernes, siksik sa balita at impormasyon ang muli naming ihahatid sa inyo. At makakasama po natin maya-maya po lamang ang mga kinatawan ng pamahalaan na magbibigay-linaw sa mga tanong ng taumbayan. Manatili pong nakatutok, ako po si Audrey Gorriceta at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Naniniwala si Pangulong Ferdinand Marcos, Jr. na kailangan ng bansa ng mas mainam na coordination mechanisms o pagtutulungan sa pagitan ng national at local government sa usapin ng food supply.

Binigyan-diin ng Pangulo ang kahalagahan ng pagpapalano na magbibigay ng ideya sa cropping schedules, soil problems, yields at paggamit ng fertilizer ng mga probinsiya.

Nais din ng Pangulo na palakasin ang koordinasyon sa field of digitalization kung saan tinukoy niyang mas nagagawa ito ng mga probinsiya kaysa sa national government. Sa kaniyang unang State-of-the-Nation Address, tinalakay ng Presidente ang kaniyang plano sa digital transformation, kasama na rito ang pag-rollout ng national IDs, pagpapatupad ng national broadband plan at ang common tower program, gayundin ang pagko-connect ng mga malalayong lugar sa bansa sa tulong ng Broadband ng Masa project.

Bilang paghahanda sa nalalapit na face-to-face classes simula sa Lunes, August 15, muling ipatutupad ang expanded number coding scheme sa Metro Manila. Para bigyan tayo ng karagdagang detalye tungkol diyang ay makakasama po natin si MMDA Chairperson Carlo Dimayuga III. Sir, welcome po sa Laging Handa.

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Thank you for having me. Good morning po.

GORRICETA: Chair, kumusta po ang naging unang Metro Manila Council meeting? Ano po ang ilan sa mga natalakay na isyu at programa na inaasahang ipatutupad?

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Maganda naman po ang unang Metro Manila Council meeting natin bilang acting chairman. Isa sa natalakay ay ang pagpapalawig ng number coding scheme. Ipatutupad na ito tuwing 7 A.M. hanggang 10 A.M. at 5 P.M. hanggang 8 P.M. simula August 15 para ito sa inaasahang dami ng sasakyan sa lansangan sa harap ng pagbabalik ng face-to-face classes sa August 22.

GORRICETA: Okay. Sir, ano po ba ang assessment ng MMDA sa traffic situation ngayon dito sa Metro Manila sa kabila ng inaasahang pagbabalik ng expanded number coding scheme simula sa August 15? Paano po ba ang magiging sistema, Sir?

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Batay po kasi sa huling traffic survey at analysis na isinagawa ng Traffic Engineering Center noong August 4, nasa 387,000 na ang dami ng mga sasakyang dumadaan sa EDSA. Inaasahan natin na aabot pa ang dami ng sasakyan na dumadaan diyang ng 436,000 kapag nagsimula na ang face-to-face classes – mas mataas ito sa pre-pandemic level natin na 405,000.

Exempted sa number coding scheme ang mga pampublikong sasakyan. Ang mga exempted po dito, kasama po ang Transport Network Vehicle, mga tricycles, motorcycles, garbage trucks, fuel trucks, marked government vehicles, ambulance po, marked media vehicles at ang mga sasakyan na nagdadala ng mga essential at perishable goods po.

GORRICETA: Sir, ito po bang number coding scheme ay hindi makakaapekto sa pagiging kulang ng mga public transport, dahil kung sila ay hindi makakagamit ng kanilang sasakyan in a certain period of time, eh hindi po ba ang publiko iyong maaapektuhan nito?

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Hindi naman po. Actually, nakikipag-ugnayan po kami with LTFRB at saka DOTr, nagdadagdag po sila ng mga additional buses sa Bus Carousel natin. So sa tingin po natin, with the number coding at saka magdi-deploy din po tayo ng, I think, 2,336 mga MMDA traffic enforcers para makatulong po.

Doon sa public transport vehicles, magdadagdag po ng buses ang LTFRB at saka po—pasensiya na po kayo ha, I am just trying to recall it. Tuluy-tuloy naman po ang libreng sakay ng MMDA, mula po iyan sa Commonwealth hanggang Welcome Rotonda.

GORRICETA: Okay. Bukod po sa mga nabanggit ninyo, Sir, at pagpapatupad ng expanded number coding scheme, ano pa po iyong mga iba pang ginagawa na paghahanda ng MMDA para sa nalalapit na face-to-face classes?

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Well, nakipagpulong ang MMDA noong Hunyo sa mga school administrators, Parents-Teachers Associations, Philippine National Police at local traffic bureaus sa NCR para pag-usapan ang road safety contingencies sa bawat school zone.

Nagpapatuloy ang paglalagay ng mga thermoplastic pavement markings, road signages, COVID road signs sa mga pampublikong paaralan, headed po ito by MMDA Traffic Engineering Center; kasama na rin po ang pagsasaayos ng mga sidewalks sa pangunguna po iyan ng sidewalk clearing operations group natin; at saka mga trimming of trees; clearing ng mga parkways, MTCG ang naghi-head po niyan.

GORRICETA: Okay. Sir, isinusulong po ng LTO ang suspension ng contact apprehension policy, ano po ba ang tugon dito ng mga lokal na pamahalaan, maging po sa inyo, sa bahagi po ng MMDA?

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Well, of course, sa 'no contact apprehension policy' po, ang MMDA naman po ay tuluy-tuloy po diyan. Mayroon po tayong sariling traffic management po na nag-aayos po diyan. Ang NCP po na under LGUs, nirespeto naman po natin ang kanilang autonomy over that. So sa amin po, tuluy-tuloy po.

GORRICETA: Okay. Sir, sakali pong masuspende itong 'no contact apprehension policy', paano po ito makakaapekto sa operasyon ng MMDA?

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Well, tuluy-tuloy pa rin naman po ang sa amin. Sa tingin ko po, hindi po ito makakaapekto sa ahensiya. Mayroon po tayong sarili, wala po kasi tayong service provider. Ang pagkakaalam ko po diyan, ito po ay in-house po ng MMDA.

GORRICETA: Okay, sa iba pa pong usapin, Sir. Sa paliwanag po ng MMDA, itong tatlong ongoing construction ng pump stations ang sinisising dahilan sa pagbaha sa Manila Baywalk.

Kailan po ba inaasahang matatapos iyong construction at ano po ang ginagawa sa bahagi ng MMDA at DPWH para po maiwasan ulit iyong nangyaring pagbaha pati na rin sa ibang bahagi ng Metro Manila?

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Nakipag-coordinate na po tayo sa DPWH diyan. Nag-request po ang ahensiya ng mga mobile pumping stations na dineploy naman po agad at inaksiyunan po naman agad po iyan ng DPWH. Mayroon na po tayong mga mobile pumping stations po sa area – mayroon na po tayong identified na lugar na alam po natin na iyon po ang kadalasang nababaha, at nakaantabay na po doon ang ating mga mobile pumping stations po.

GORRICETA: Okay. Sir, sa ngayon po ay kumusta naman iyong ongoing installation ng MMDA sa mga sensored traffic light sa Metro Manila?

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Sa ngayon po ay 60% na po sa mga major traffic intersections sa Metro Manila ang nalagyan natin niyang mga traffic sensors. Plano po na malagyan ng traffic sensors ang mga major intersections, pero phase by phase po ang gagawin diyan. Tinataya po na magiging fully operational po iyan – and upgraded – within two to three years po.

GORRICETA: Sir, malapit na po ang pasukan, ano. Bilang panghuli po, ano po ang inyong mensahe sa ating mga motorista?

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Well, siyempre patuloy po nating pinapaalalahanan ang ating mga motorista na sumunod po sa batas trapiko at siyempre mag-ingat po sila sa kanilang pagmamaneho po.

GORRICETA: Okay. Maraming salamat po sa lahat ng impormasyon na ipinamahagi ninyo sa amin ngayong umaga.

Nakapanayam po natin si Engineer Carlo Dimayuga III, MMDA Chairperson.

MMDA CHAIRPERSON DIMAYUGA III: Salamat po.

GORRICETA: Samantala, dahil sa suporta at mga naging kontribusyon ni Senator Christopher “Bong” Go sa pag-unlad sa bayan ng Iba, Zambales, idineklara ng lokal na pamahalaan ang mambabatas bilang “adopted son” sa bayan ng Iba. Narito ang detalye:

[VTR]

GORRICETA: Bayan huwag po kayong aalis, magbabalik pa ang Public Briefing #LagingHandaPH.

[COMMERCIAL BREAK]

GORRICETA: Ito pa rin po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Para naman kumustahin ang cash aid distribution ng DSWD para sa mga kababayan nating pinakanangangailangan ay makakasama po natin sa linya ng telepono si Secretary Erwin Tulfo ng DSWD. Sec., magandang araw po sa inyo.

DSWD SEC. TULFO: Sir, good morning po.

GORRICETA: Okay. Una po sa ating katanungan, Secretary, inaprubahan po ng DBM ang nasa 2 billion pesos na additional funding ng DSWD para sa mga pamilyang nasa crisis situation. Itong nabanggit na pondo, ito po ba ay para lamang sa natitirang buwan ng 2022? Ilang pamilya rin po ang target na matulungan?

DSWD SEC. TULFO: Actually, sir, ang tawag po namin diyan AICS – Assistance to Individuals in Crisis Situation. Tama po ‘yan 2 billion pero kulang po actually, 5 billion po iyong request namin kasi nahiram po ng dating Office of the President dahil po sa Bagyong Odette para pantulong po. Pero dahil medyo naghihigpit po tayo ng sinturon so 2 billion lang, tinanong naman ako ni Secretary Pangandaman, sabi ko “*No problem po, ma’am. Ititipid na lang natin.*”

Pero iyan po, sir, iyong mga lumalapit sa atin, Sir Audrey – mga medical, burial, mga balik-probinsiya – diyan po namin ipinapasok pati, sir, iyong tinatawag na school education fund, iyong pambili ho nila ng mga gamit ngayong pasukan ... ‘pag may anak ka na elementary, puwedeng mabigyan ka ng P1,000; ‘pag high school, P2,000; college, pambili ng mga libro, P3,000. Iyan po ‘yan, P1,000/P2,000/P3,000.

At hindi na po nila kailangan pumunta dito sa main office – kung sila’y taga-probinsiya dahil mayroon din po, binabaan na natin sa probinsya. Hinati-hati po natin, sir, ‘yang 2 billion na ‘yan... bawat region po pinadalhan ho natin para hindi na po pupunta rito, ng Maynila, iyong mga taga-probinsiya na mag-aaral po natin – diyan na lang po sa kanilang lalawigan, Sir Audrey.

GORRICETA: Okay. Good news po iyan lalo na [at] nalalapit na ang pasukan. Pero, Secretary, kayo po’y nag-issue ng bagong guidelines na layong i-streamline ang proseso ng pag-avail ng AICS program ng DSWD. Ano po ang mga naging pagbabago?

DSWD SEC. TULFO: Pinaiklian po namin iyong form namin, sir, kasi nabanggit ni Pangulong Marcos noong sa Abra, ang dami po... medyo mahaba po iyong form. [Garbled] niya po iyon [garbled] ay nasa krisis na nga, Secretary, ang dami pa nilang tatanungin. Kasi, sir, may mga tanong doon: Ilan ang anak mo? Ano ang pangalan ng mga anak mo? Saan pinanganak? Ano ang birthday?

Eh, sir, ‘pag problematic ka, sir... hindi mo na maisip iyon, minsan magulo. Eh paano kung anak mo ... alam mo naman sa lalawigan, sir, ang mga anak anim, pito... eh medyo mahirap hong tandaan pati kung saan nag-aral. [Garbled] sir, para alam mo, bakit mo naman kailangan isa-isahin pa so pinatanggal po ng Pangulo iyon, pinatanggal na ho natin.

Ang gusto po ng Pangulo, pangalan na lang noong nagki-claim, para saan... anong pangalan noong tao, saan siya nakatira, contact number, kung ano ‘yung kini-claim niya, para ba sa kaniya o sa iba – kung sa iba iyon, ano ang pangalan – at pagkatapos social worker na ang magsasagot ng iba [garbled] so pinaikli na po natin.

Pangalawa, sir, nagbigay po ako ng guidelines, sir, na dapat same day ilabas iyong hinihingi nila. Kung cash assistance po iyan, dapat today ibigay. Kung guarantee letter – pampalibing, pambayad sa ospital, today din. Sinabihan ko iyong mga regional directors natin na ayaw ko ng bukas [garbled] pabalik. Number one, sayang po ang pamasaha; number two, may mga trabaho [garbled]; number three, iyong urgency. Can you hear me, sir?

GORRICETA: Yes. Medyo choppy lamang po tayo, sir, nang konti ‘no. Pero ang narinig po namin, pinasimple at pinabilis din po ‘yung pamamahagi nitong tulong.

DSWD SEC. TULFO: Opo, sir. The simple po, the same day ibinibigay na namin iyang AICS na 'yan, sir.

GORRICETA: Okay. Secretary, nitong buwan lamang din po ay na-release ng DBM ang pondo para naman doon sa mga targeted cash transfer program. Kumusta po ang distribusyon nito sa mga beneficiaries? Ilan na po 'yung mga nakatatanggap nito sa ngayon?

DSWD SEC. TULFO: Wala po akong figures na hawak ngayon, Sir Audrey. Pero iyong nababa namin sa Landbank at saka doon sa mga cash cards, inuna po natin iyong sa mga 4Ps, pagkatapos iyong mga senior citizen. And then iyong sa iba po, iyong mga nasa UCT or unconditional cash transfer, iyong mga waiting po, iyong mga nakapila ho sa ating 4Ps, sila po ang benepisyaryo niyan, sir.

GORRICETA: Okay. Secretary may mga ilan pong kababayan tayo 'yung nababahala dahil sa kabila po ng pag-graduate at pagka-delist ng beneficiaries ng 4Ps, tila salungat daw po kasi ito sa indicators na lalong pagtaas sa 2.6% ng kahirapan sa bansa nitong panahon ng pandemya. Ano po ang masasabi ninyo tungkol dito?

DSWD SEC. TULFO: Kaya po, sir, ang ginawa po natin, nagpatawag po ako ng pulong ng lider po, iyong mga lider po nila – iyong tinatawag na Samahan ng mga 4Ps Beneficiaries three days ago po. At sa kanila ko kukunin [garbled] listahan nila kung sino ang mga nakakatayo na sa sarili nilang paa versus sa listahan namin na sinurvey po namin na ito ay graduating na sa 4Ps.

So, para magtugma-tugma, kasi sila po, sila mismo ang may direktamenteng contact at nag[garbled] sa kanila iyong mga beneficiaries every week, sir, or every two weeks so alam po nila. At nangako sila na bibigyan po ako nila ng listahan kung sino sa mga miyembro nila na puwede nang bitawan or puwede nang grumadweyt, sir, para wala hong sisihan at saka tatama po kami, sir.

GORRICETA: Okay. Secretary, kailan po inaasahang matatanggap iyong cash assistance para po doon sa mga bagong batch ng 4Ps beneficiaries mula sa ahensiya?

DSWD SEC. TULFO: Sir, medyo [garbled]... eh kasi after [garbled] ng mga beneficiaries na unfair daw eh kailangan kong i-countercheck at may mga ilang mambabatas po tayo nanawagan na review-hin – nanawagan po si Senator Risa Hontiveros, nanawagan din po si Congressman Plaza hinggil ho diyan na kailangan review-hin. So ni-review ho natin at check ho natin...

Dati kasi, sir, ang plano – kung ano po 'yung na-survey namin, susundin namin. Pero dahil sa may mga reklamo po, para ma-countercheck talaga ho at masiguro/masala... pinatawag na namin po iyong mga lider din ng 4Ps at bibigyan—nangako naman sila na bawat miyembro ho niyan, may mga miyembro ho sila na ga-graduate naman daw po. Tama naman daw iyong listahan pero may mga ilan na hindi sila sang-ayon at dapat hindi pa papagraduweytin – iyon po ngayon, sir, ang aming pinagtutugma, sir – iyong listahan namin at listahan po noong mga lider ng 4Ps, Sir Audrey.

GORRICETA: Secretary, ito po, katanungan naman mula sa ating kasama sa media, Alvin Baltazar ng Radyo Pilipinas: Ano daw po ang update sa pamamahagi ng ayuda ng DSWD through digitalization? Kailan daw po ito maipatutupad?

DSWD SEC. TULFO: Actually, sir, sa totoo lang, Sir Audrey, nahihirapan kami kasi po kapag sa gobyerno ang dami pong red tape, sir. Ang dami pong bureaucracy. Isang example po diyan, sir, may mga kumpanya po na gusto po, nagbo-volunteer ma-digitize iyong DSWD. Ang problema, sir, may mga probisyon sa batas na kailangan daw i-bidding pa. Eh, kapag bidding po, Sir Audrey, ang haba – mayroong ipa-publish mo sa newspaper at kung kailan, kailangan pa ng consultation sa publiko, etc., etc., otherwise lalabag po sa [batas]. Eh ang sabi ko naman, sir, wala naman hong ilalabas ni singkong-duling sa gobyerno, kaya bakit pa ipapa-bidding? Hindi ko nga po alam eh, siguro kailangan palitan na po iyong batas na iyan, iyang patungkol diyan sa kailangan may bidding.

Kapag wala naman siguro, sir – hindi po ba, kapag wala namang igagastos sa bulsa, bakit mo pa ibi-bidding. Eh kung sino na lang diyan, kung sino ang mas maganda iyong porma, kung kunwari sabihin ng isang kumpanya, “kami, DSWD, kaya naming tirahin iyan in three months”; iyong isang kumpanya, “kaya namin in two months”, eh di titingnan mo na lang. Kasi kung ibi-bidding ay matagal, Sir Audrey, aabutin po tayo ng next year dahil kabi-bidding – kailangang i-print mo pa sa diyaryo, kailangan magpatawag ka ng bids and awards committee. Eh, lahat po nang ganoon, pero wala naman pong pondong ilalabas, sir. So, sir, natatagalan po tayo dahil doon sa mga pinag-aaralan po namin iyong mga batas, sir, baka sumabit tayo sa COA, baka sumabit po tayo dito.

Believe me, Sir Audrey, gusto ko po kung puwede lang ngayong araw umpisahan na namin iyan, hindi po, sir, pinag-aaralan po ng legal [department]. Kaya kami ay humihingi ng paumanhin na rin po sa ilang kababayan natin kung medyo natatagalan, kasi iba pala ho talaga sa gobyerno, sir. Ang daming rekusitos, Sir Audrey.

GORRICETA: Okay, nauunawaan po natin iyan. Secretary, pahabol po na katanungan mula po kay Tuesday Niu ng DZBB: Marami daw po ang magbabalik-eskuwela na mga kabataan. Sinu-sino daw po ang puwedeng mabigyan ng pambili ng gamit sa eskuwelahan? Ano ang mga kuwalipikasyon para sila ay makasali bilang benepisyaryo kasi baka daw po kayo dagsain?

DSWD SEC. TULFO: Sir, indigent sila. Sir, hindi naman ho lahat puwede naming bigyan. Pero para ma-accommodate ang as much as possible na mga kababayan natin, binabaan na po natin. Kapag elementary po, may tulong po kami, may ayuda kami; kung may anak silang elementary ay P1,000 bawat bata. Kapag High School P2,000 at kapag college po ay P3,000. Ibinaba na po natin sa mga region iyan, sir, para sa mga mag-aaral, provided na maipakita po silang card o enrollment form at saka may Indigent Certificate po talaga sila na sila po ay mahirap. Pero mayroon din po, nagsulat po si Madam Vice President Sarah, at the same time Education Secretary po, na magtira daw po ng pondo para doon sa mga late enrollees, Sir Audrey, which is tama naman, mga nasa college at saka iyong mga iba, baka may mga kailangang magtira kami ng pondo. Ang sagot ko naman, “No problem po, Madame Vice President”.

GORRICETA: Okay. Sir, bilang panghuli po: Marami po tayong kababayan ang umaasa ng tulong na maihahatid ng DSWD. Ano po ang inyong mensahe sa ating mga kababayan, Secretary?

DSWD SEC. TULFO: Ang hinihiling ko lang, sir—kasi po ang gobyerno ay napakadami pong mga sinusunod na mga batas, mga requirements, kapag hindi po tayo sumunod baka makulong. Kung ako po ang tatanungin ninyo, ibibigay ko na po iyan anytime. Pero ito ho ngayon, sir, itong 4Ps, as much as possible, gusto kong makapasok—marami pong mga single moms ang nagtatanong, papaano sila makapasok; mga magsasaka.

Ako po ay nasa Palawan kahapon – mga farmers, fishermen natin hindi raw sila makapasok, eh bagama't ang kinikita lang nila ay P6,000 a month. Pinag-aaralan po namin dito sa DSWD Main Office ngayon, Sir Audrey, na within the next few months po, kapag nalinis namin iyong listahan – siyempre may mga tatanggalin po kami at may ipapasok kami – maglalaan po kami ng mga araw, ilang linggo po para magparehistro po ang mga single mom, mga farmers, mga fishermen, mga IPs para po makapagpalista sila na makapasok po sila sa 4Ps. Kung hindi po sila nadaanan ng Listahanan Program namin o ng aming tinatawag na National Housing Targeting Office, sir.

So, bubuksan po namin ang mga pinto sa tuwing Sabado at Linggo, siguro po within the next two months, para makasali po sila sa 4Ps. Pero iyan po ay pag-aaralan namin at siyempre hahanap po kami ng pondo dahil siyempre po iyong overtime po ng mga tao, sir.

GORRICETA: Okay. Maraming salamat po sa lahat ng impormasyong ibinahagi ninyo sa amin ngayong araw. Nakapanayam po natin si DSWD Secretary Erwin Tulfo. Ingat po tayong, sir.

Plano at pagpapaigting sa information campaign kaugnay sa mga programa na isinusulong ng pamahalaan sa ilalim ng Marcos Administration, ating alamin. Makakasama po natin ngayon si Secretary Trixie Cruz-Angeles ng Office of the Press Secretary. Sec, magandang araw po sa inyo.

Ma'am, parang naka-mute po yata, baka po naka-mute kayo, hindi po namin naririnig. Okay, susubukan po nating balikan si Secretary Trixie Cruz-Angeles maya-maya po lamang.

Sa iba pa pong balita: Suportado ni Pangulong Ferdinand Marcos, Jr. ang panukalang ladderized program para sa nurses. Ito ay para matugunan ang "brain-drain" at ang pagpapalakas sa health sector ng ating bansa. Sinabi ito ni Pangulong Marcos, Jr. sa pulong niya sa mga miyembro ng Private Sector Advisory Council sa Malacañang. Iminungkahi ng Pangulo ang pagbibigay ng scholarship sa mga doctor, nurse at iba pang mga medical practitioner para mapigilan ang pag-alis ng mga ito sa bansa.

Sinabi naman ni DOH Officer-in-Charge, Undersecretary Maria Rosario Vergeire na ginagawa na ang ladderized program sa University of the Philippines-Manila at iba pang lokal na pamahalaan. Sa nasabing ladderized program, ang UP-Manila ay nagbibigay ng two-years scholarship sa mga midwives, kung saan matapos ang course completion ay babalik sila sa komunidad upang magserbisyo.

Matapos silang makakuha ng karanasan ay babalik sila sa UP-Manila, kung saan makakapag-aral sila ng nursing sa loob ng dalawang dagdag na taon.

Samantala, ang TESDA ay tinukoy rin na makakatulong upang maresolba ang naturang concern

Pag-turnover ng titulo ng limang ektaryang lupa sa mga informal settlers sa Taytay, Rizal, isinagawa; DSWD at Outreach Team ni Senator Christopher "Bong" Go namahagi ng ayuda sa ilang mga residente. Narito po ang report:

[VTR]

GORRICETA: Bayan, huwag po kayong aalis, magbabalik pa rin ang Public Briefing #LagingHandaPH.

[COMMERCIAL BREAK]

GORRICETA: Nagbabalik po ang Public Briefing #LagingHandaPH. Muli nating balikan si Press Secretary Trixie Cruz-Angeles.

Secretary, kumusta na po ang higit isang buwan bilang Press Secretary?

SEC. CRUZ-ANGELES: Mabuti naman po. We're still finding our way most of the time pero nakikita na natin iyong mga duties natin. With Executive Order # 2 kasi medyo na-rationalize na iyong mandato ng opisina at naka-focus kami sa Presidente at pagbibigay ng mensahe niya.

GORRICETA: Okay. Secretary, ilang araw po bago ang unang isandaang araw sa puwesto ng Pangulo, kumusta po ang progress sa mga nais niyang maka-accomplish sa loob ng 100 days?

SEC. CRUZ-ANGELES: Well, iyong sa Presidente, of course, hindi siya naka-focus 100 days dahil he has to come up with solutions to problems that are both long-term, medium-term, and short-term. Kami po iyong mga tumitingin ng aming mga accomplishments for the first 100 days. Nagiging responsive ba kami doon sa mga pangangailangan ng ating Pangulo? Is the message going out fast enough? Are we getting information clearly? Are we getting information that is sufficient for the public to be informed about iyong mga pangyayari?

So far, nakikita ko that the teams are getting more efficient as the days go by and so far, sa tingin namin is nakakaresponde kami nang mabilis sa ating Pangulo. But, of course, as we know, we need sometimes change. Halimbawa, kapag times of disaster, iba po iyong bilis at saka iyong kailangang response time namin. And so far, well, so far so good ang nakikita namin sa aming mga teams.

GORRICETA: Okay. Secretary, patuloy po iyong paghihiyakat ng ating pamahalaan sa ating mga kababayan na magpabakuna na sa gitna ng pagtaas ng COVID-19 cases. Paano po ang magiging strategy ng OPS para mas marami ang mahikayat nating mga kababayan na magpabakuna na?

SEC. CRUZ-ANGELES: Well, tumutulong kami sa DOH. As you know, mayroon silang "PinasLakas" campaign at isa kami, nagpa-partner kami occasionally on their activities—not occasionally; all in kami on their activities. So, noong nag-launch po sila ay nandoon po ako. Dinadala namin po sa Malacañang Press Corps ang mga resource persons ng DOH pursuant doon sa back to school at congruent doon sa pagbabakuna para preparado tayo, so back to school, face-to-face classes.

So, in addition to that, binibigyan namin ng other platforms ang DOH para maipalaganap iyong kanilang mensahe dito.

GORRICETA: Okay. Sec, sa ginawa pong survey ng PAHAYAG nito pong June 16 to 22, lumabas na nasa 68% ng mga Pilipino ang naniniwala na magiging well or very well ang performance rating ng Pangulo sa kaniyang unang isandaang araw. Kumpiyansa po ba kayo na mapapantayan o malalampasan ng Pangulo ang expectation ng ating mga kababayan?

SEC. CRUZ-ANGELES: I think even as we speak right now, the President does very well. Ang nakikita lang natin is that it took some time for people to realize iyong style niya which is deliberative, science-based and, you know, very professional. So, we know that the previous administration was characterized by a lot of passion, but this President naman is characterized

by a more systematic and efficient response. He also likes to deal with institutions para institutional ang ating mga responses, hence he likes things that are planned – well-planned ang organizations; well-planned ang mga activities.

GORRICETA: Okay. Secretary, ano po iyong mga inaasahang aktibidad o iyong mga dadaluhang pagpupulong ng Pangulo sa mga susunod na mga araw?

SEC. CRUZ-ANGELES: Well, mostly kasi we deal with the President with regard to Cabinet meetings. Like I said, institutional responses, planned out responses. So, what he's doing is that each of us, each of the department makes presentations about our plans, our assessment of our department and then the plans for the future to address any issues and to push forward the agenda of the President.

As we know, mayroong mga prayoridad siya na inihayag niya during the SONA, sinusundan po namin iyong kaniyang roadmap. So, what he has been doing basically has been getting all of these plans, all of these assessments and then moving forward. Mabilis naman siyang mag-respond. Once you have laid out your plans, he will give you his assessment of your own plans tapos aandar na ang lahat. And even as we speak, even if hindi pa kami nagpiprisinta sa ating Pangulo, he always keeps tabs on all of the Cabinet Secretaries at alam niya ang mga activities namin even pending the formal presentation of our own particular roadmaps.

GORRICETA: Okay. Secretary, bigyang-daan ko lamang po itong mga katanungan mula sa ating mga kasamahan sa media. Ito po ay katanungan mula kay Pia Gutierrez ng ABS-CBN at Marlene Alcaide ng TV-5: May update na daw po ba sa ongoing probe on the order to import sugar?

SECRETARY CRUZ-ANGELES: Wala pa po. We will see if we have the information by this afternoon. But as you know, hindi namin puwedeng pakialaman iyong formalities, lalung-lalo na ng mga ongoing investigation. So we will just give updates, lalung-lalo na kapag mayroon na pong resulta ang ating imbestigasyon.

GORRICETA: Okay. Katanungan po mula kay Mervin Vince Lopez ng Manila Standard: What would be the statement of the Palace regarding the call of Senator Imee Marcos on the immediate reshuffle of high-ranking officials on the recent issue regarding sugar? Ganito rin po ang katanungan ni Ivan Mayrina ng GMA.

SECRETARY CRUZ-ANGELES: Well, ang response really has already begun. The moment na nalaman ng Presidente na may maling nangyari dito, nag-order kaagad ng imbestigasyon: Sinu-sino ang involved dito? Ano ang extent ng kanilang involvement? Was it attended with malice or was it negligence? Was it simply just bad judgment? Kailangang malaman po natin itong mga ito at kung sino pa po ang involved dito.

So that's how things stand right now – continuing po iyong ating imbestigasyon. Ito na po iyong response. We laud, of course, Senator Imee, her concern over this. Tama naman po siya, but we'll probably go beyond that. If there are sufficient findings then heads will roll.

GORRICETA: Okay. Katanungan po mula kay Marlene Alcaide ng TV-5: Ano raw po ang reaksiyon ng Palasyo sa sinabi ni Senator Imee Marcos na iyong nangyari ay ultimate proof that's smugglers are lording it over the Department of Agriculture?

SECRETARY CRUZ-ANGELES: I'm sure the President has already noted this. Wala lang po kaming ipapahayag pa sa ngayon tungkol sa mga plano because the investigation will probably

cover a more extensive review than simply the resolution that was issued by the Sugar Regulatory Board.

GORRICETA: Okay. Ma'am, katanungan po mula kay Eden Santos ng Net 25: Ano daw po ang gagawing hakbang ni President Ferdinand Marcos, Jr. para hindi na po maulit ang iligal na paglalabas ng SRA ng sugar order?

SECRETARY CRUZ-ANGELES: Maipapahayag po natin iyan kapag pumasok na po ang findings ng imbestigasyon. We have to find out how this happened para ma-address natin.

GORRICETA: Okay. Tanong po mula kay Mervin Vince Lopez ng Manila Standard: What are the plans of the President on the sectors of agriculture knowing there is a looming crisis and also, on the foreign relations particularly with China and the United States?

SECRETARY CRUZ-ANGELES: Iyong formal plans, they are already being implemented actually. Kasi kinausap niya ang ibang stakeholders tungkol dito, ni-note niya po ang presyo ng fertilizers. So he has met with the DTI Secretary to address this issue – iyon po ngayon ang very particular action niya on this matter. There will be a more comprehensive plan that will be laid out at a later time. Pero right now, he has to address this immediately. So iyon po ang nangyari this past week. We'll have more for you towards the end of next week.

GORRICETA: Okay. Ma'am, ano na lamang po ang inyong mensahe para sa ating mga kababayan? May dapat po bang abangan na mensahe mula sa Palasyo ngayong araw?

SECRETARY CRUZ-ANGELES: Wala pa po akong masasabi na may mensahe coming from the Palace today. Pero gusto ko pong pasalamatang iyong public participation sa ating mga platforms. As you know, mahalaga ang ginagawa namin in the sense that people have to be informed – bahagi po ng kanilang karapatan or constitutional right ng mga tao na malaman kung ano ang ginagawa ng kanilang gobyerno.

So nagpapasalamat ako dahil ang taumbayan mismo nagpa-participate sa ating mga plataporma kung saan tayo naghahayag ng ganitong klaseng impormasyon. Ini-encourage ko po lahat ng tao na mag-subscribe po doon sa Office of the Press Secretary na page, sa page ng Office of the President for all information that you might need with regard to what the goings-on of the President and of our Palace officials. So iyon lang po.

Nagpapasalamat din po pala ako sa inyo for your very efficient programming.

GORRICETA: Okay. Maraming, maraming salamat po sa inyong panahon at mga impormasyon na ibinahagi ninyo sa aming araw. Nakapanayam po natin si Secretary Trixie Cruz-Angeles ng Office of the Press Secretary.

Samantala, pumunta naman tayo sa pinakahuling pangyayari sa iba't ibang mga lalawigan. Puntahan na natin si Ched Oliva ng PBS Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

GORRICETA: Maraming salamat, Ched Oliva ng PBS Radyo Pilipinas.

At iyan po ang mga balita at talakayang tampok namin ngayong araw.

Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng pamahalaan, sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

Muli, ako po si Audrey Gorriceta. Magkita-kita po muli tayo sa Lunes, dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--

News and Information Bureau - Transcription Section